



GENERAL EDUCATION CENTER
OFFICE OF THE VICE CHANCELLOR FOR ACADEMIC AFFAIRS
UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES DILIMAN

DILC Building, R. Magsaysay Avenue, UP Diliman, Quezon City 1101
+632 9285107 or +632 9818500 local 2583 | ovcaa.upd@up.edu.ph

MEMORANDUM BLG. GEC-OVCAA-NAKG 22-021

PARA SA : LAHAT NG DEKANO, DIREKTOR AT TAGAPANGULO
NG MGA DEPARTAMENTO

SA PAMAMAGITAN : *Theresa T. Payongayong*
NG OPISINA NI : MA. THERESA T. PAYONGAYONG, Ph.D.
: Bise-Tsanselor para sa mga Gawaing Akademiko

Kimuell-Gabriel Nancy Adriano
Digitally signed by Kimuell-
Gabriel Nancy Adriano
Date: 2022.06.20 14:50:26
+08'00'

MULA SA OPISINA NI : NANCY A. KIMUELL-GABRIEL, Ph.D.
Direktor

TUNGKOL SA : Imbitasyon para sa *Teach Talk How to Teach and Manage your
Gen Z Class Webinar (Science, Technology and Society Edition)*

PETSA : 17 Hunyo 2022

Mainit na pagbati!

Malugod po naming ipinaalam sa lahat na ang walong idinaos na **LINANGAN: The GE Faculty Development Extension Program** webinar ay dinaluhan ng humigit-kumulang 1,400 na GE faculty bawat sesyon, mula sa UP constituent universities (CUs), state universities at colleges (SUCs), local universities at colleges (LUCs), pribado at espesyal na mataas na institusyong pang-edukasyon (HEIs), at iba pang institusyong pang-edukasyon dahil sa pakikipagtulungan ng OVPAA, CHED Regional Offices, at matataas na institusyong pang-edukasyon sa buong Pilipinas.

Dalawang webinar pa batay sa mga kursong GE ng CHED at UP ang idaraos hanggang Agosto 2022, kasama ang Teach Talk (Science, Technology, and Society Edition). Kaugnay nito, magalang pong hinihiling ng GEC ang muling pag-endorso ng inyong Opisina sa **Teach Talk: How to teach and manage your Gen Z class Webinar (Science, Technology and Society Edition)** para sa mga GE faculty. Ito ay gaganapin sa **8 Hulyo 2022 (Biyernes), 9:00 NU – 12:00 NH** sa Zoom, YouTube, at Facebook.

Kalakip ng Memorandum na ito ang *publication materials* na maaaring isama para sa pag-endorso at malawakang diseminasyon.

Para sa mga katanungan, maaaring makipag-ugnayan sa gec_ovcaa.upd@up.edu.ph o kay Czarina Duka sa crduka@up.edu.ph at +639952775733.

Maraming salamat po.